Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

3

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MTB-MLE 3

## IKATLONG MARKAHAN-MODYUL 5

**Development & Editorial Team**

**Writer:**
Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City
Maria Lyn M. Mallen
Jever E. Sales
Crisalez R. Toledo
Lea May U. De Leon
Aura Eden C. Ilagan
Rona O. Sudayan
Abejane C. Rico

**Management Team:**
Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR
Joel Torrecampo, SDS SDO - Las Piñas City
Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR
Juan C. Obierna, ASDS-CID Chief SDO - Las Piñas City
Maricar D. Agao, Regional EPS, MTB-MLE-NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Macario D. Pelecia,EPS Filipino SDO - Las Piñas City
Jennifer L. Tubello, LR EPS SDO - Las Piñas City
Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR
Elaine Margarett Baguio, PDO SDO - Las Piñas City
Ana S. Monatnes, Librarian, SDO - Las Piñas City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
## Grade3 MTB-MLE

| **Aralin 5** | **Nagagamit ang angkop na pandiwa batay sa simuno pagsulat ng isang pangyayari** |
|---|---|

## *Inaasahan*



Sa katapusan ng modyul na ito:

- Nagagamit ang angkop na pandiwa batay sa simuno pagsulat ng isang pangyayari

Sisikapin ng modyul na ito na matulungan kang higit na malinang ang iyong mga kasanayang magamit ang angkop na pandiwa batay sa simuno pagsulat ng isang pangyayari

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Basahin at unawain ang pangungusap. Isulat ang pandiwang ginamit dito.

1. Ang palay ay tinutuka ng manok.
2. Namimitas si Mang Jose ng sitaw at kalabasa tuwing umaga para itinda.
3. Ang mga pinggan ay hinuhugasan ni Roda.
4. Ang araw ay sumisikat sa silangan.
5. Si Aling Elena ay naglalaba ng mga maruruming damit.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## Balik–tanaw

**Panuto:** Pagmasdan ang larawan at sagutan ang tanong.



Ano ang ipinahahayag nito?______________________________

## *Maikling Pagpapakilala ng Aralin*



**Pandiwa** – ay nagsasaad ng kilos o galaw.

Halimbawa:

- kain, takbo, tulog, lakad, atbp.

Aspekto ng Pandiwa

- **Pangnagdaan**
  ang kilos ay nagawana o tapos na.
- **Pangkasalukuyan**
  ang kilos ay kasalukuyangginagawa
- **Panghinaharap**
  ang kilos ay gagawin pa lamang

Si Nina ay nagbabasa ng aklat.
Simuno Panag-uri

**Simuno** – tagaganap o pinag-uusapan sa pangungusap
**Panag-uri**–nagsasabi tungkol sa simuno



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

---

**Panuto**: Gumamit nang wastong pandiwa upang mabuo ang pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| nag-eehersisyo | maghintay | nagwawalis |
| nahimatay | hinanap | |

1. Dito kayo ___________________ sa akin.
2. ___________________ ng bata ang kanyang ina.
3. Si Rosario ay ___________________ ng sahig.
4. Ang pulubi ay ___________________ sa gutom.
5. Araw-araw ___________________ ang mga atleta.

## *Gawain*

**I.Panuto:** Kumpletuhin ang talata sa pamamagitan ng pagbibigay ng wastong pandiwa. Bilugan ang tamang sagot sa loob ng panaklong.

Noong nakaraang taon, Si Mina at ang kaniyang ina ay (bumisita, bumibisita, bibisita) sa kanilang mga kamag-anak sa Maynila. Sa kanilang paglalakbay, (nakita,nakikita, makikita) nila ang magagandang tanawin. Pagdating nila doon, (namasyal, namamasyal, mamasyal) agad sila sa malaking pamilihan. (Bumili, Bumibili, Bibili ) sila ng mga bagong damit at laruan. (Napagod, Napapagod, Mapapagod ) ang mag-ina sa kanilang mahaba ngunit masayang pamamasyal.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

---

**II. Panuto**: Tingnan ang ginagawa ng mga tao sa larawan. Gawan ito ng pangungusap gamit ang salitang kilos.

1.  ______________________________________

2.  ______________________________________

3.  ______________________________________

4.  ______________________________________

5.  ______________________________________

## Tandaan



Mahalaga na naiisa-isa at naipaliliwanag ang mga mensahe ng isang ilustrasyon para sa ating pagkakaunawaan at pangkaligtasan.



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

## Pag-alam sa mga Natutuhan

I. **Panuto:** Piliin ang angkop na pandiwa upang mabuo ang talata. Isulat ang tamang anyo ng pandiwa sa loob ng kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| punta | nood | tingin | puno | kita |

Taon-taon, ang aming pamilya ay __________ sa Lungsod ng Baguio. Lagi naming __________ ang Panagbenga Festival. __________ din namin ang magagandang karosa. Bawat karosa ay __________ ng makukulay at sariwang bulaklak. Ang mga tao ay sabik sa parada ng mga bulaklak. Ang Panagbenga Festival ang __________ ng kagandahan at kaibahan ng Lungsod ng Baguio.

**Panuto:** Sumulat ng isang pangyayari noong nakaraang bakasyon. Gumamit ng angkop na pandiwa at bilugan ang mga ito.

______________________________________________________________
______________________________________________________________



(This is a Government Property. Not For Sale)

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto :** Bumuo ng tamang pandiwa sa tulong ng salitang- ugat na nasa loob ng panaklong. Isulat ang tamang sagot sa patlang.

1. Ako ay _____________ (tulog) nang maaga ngayong gabi.
2. _____________ (gawa) muna ni Maria ang kanyang takdang-aralin bago matulog.
3. Si Greg ay _____________ (gising) sa ika-5 ng umaga bukas.
4. Si Rina ay _____________ ( punta) sa Maynila sa isang Linggo.
5. _____________ (laba) si Yasmin ng mga damit sa Sabado.

## Sanggunian

https://ph.lovepik.com/image-400054568/unity-and-collaboration-leadership-illustration.html
Larawan ng mga ICON
https://images.app.goo.gl/H3KpExBvh5DCM2sq9
https://images.app.goo.gl/P2CexXDZqcXFUfvv7
https://images.app.goo.gl/oaDX1WdooG7ZkxXo6
https://images.app.goo.gl/hL75uSt4u6qwnHMR7
https://images.app.goo.gl/FsJmbPcBTH3EewaCA
www.google.com



**(This is a Government Property. Not For Sale)**

# Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. tinituka
2. pinipitas
3. hinuhugasan
4. sumisikat
5. naglalaba

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. matutulog
2. gumagawa
3. gigising
4. Pupunta
5. maglalaba

**Balik-Tanaw**

( Tanggapin ang kaugnaynasagot )

**MaiklingPagpapakilala ng Aralin**

1. maghintay
2. hinanap
3. nagwawalis
4. nahimatay
5. nag-eehersisyo

**Gawain**

I.1. bumisita
2. nakita
3. namasyal
4. bumili
5. napagod

II.[ Tanggapin ang kaugnaynasagot ]

**Pag-alam sa mga Natutuhan**

I. 1. Pumupunta
2. pinapanood
3. nakikita
4. puno
5. nagpapakita

II. ( MalayangPagsagot ng Mag-aaral )



**(This is a Government Property. Not For Sale)**